# Hello mula sa Dominican Republic!





Hi!
Ako si Margo.
Ito ang kapatid kong si Paolo.




Bumibisita kami sa Dominican Republic. Halina at samahan kami!




## Dominican Republic

Ang Dominican Republic ay nasa Caribbean. Nasa isla ito kasama ang bansang Haiti. Mga 10 milyong tao ang nakatira sa Dominican Republic, kasama ang halos 130,000 mga miyembro ng Simbahan.




Sa Dominican Republic, Espanyol ang wikang ginagamit nila. Heto ang isang batang lalaki na may el Libro de Mormón—ang Aklat ni Mormon.



Maraming bata sa Dominican Republic ang gustong maglaro ng baseball. Ito ang pinakasikat na laro sa Dominican Republic!



Noong isang taon ay bumisita ang propeta sa Dominican Republic at nagsalita sa mga tao sa wikang Espanyol.




Ang Dominican Republic ay may isang templo, sa Santo Domingo. Nakasaad sa isinulat, "Santidad al Señor: La Casa del Señor." Na ibig sabihin ay, "Kabanalan sa Panginoon: Ang Bahay ng Panginoon."



Ang mga tao sa Dominican Republic ay kumakain ng maraming tropikal na gulay at prutas. Ang mga batang lalaking ito ay umiinom mula mismo sa mga buko!

**Taga-Dominican Republic ka ba? Sulatan kami! Masaya kaming makarinig mula sa iyo.**

Salamat sa paglalakbay sa Dominican Republic na kasama namin. Ngayon ay pupunta tayo sa susunod nating pambihirang karanasan!




### Kilalanin ang ilang kaibigan mula sa Dominican Republic!



"Gusto kong tulungan ang mga mas nakababata sa Primary kapag nagiging maingay sila. Sumusulat ako ng mga awitin sa mga piraso ng papel at tinutulungan silang umawit. Tinutulungan ko silang makaintindi kapag nagbabasa kami ng mga banal na kasulatan."

**Ambar O., edad 11, Dominican Republic**



"Mahal ko si Jesus, at pakiramdam ko ay napakalapit ko sa Kanya. Gusto ko rin ang mga himno at mga awit sa Primary."

**Ian R., edad 8, Dominican Republic**

MGA IMAHE NG WATAWAT, PUNO NG PALMERA, AT MGA BATANG LALAKING NAGLALARO NG BASEBALL MULA SA GETTY IMAGES, MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE